

PARA SA HIGIT NA IKABUBUTI NG PANG-EDUKASYONG KAPALIGIRAN NG MGA BATA


<子どもたちのよりよい教育環境のために>

~ Ating pag-isipan Pagbabawas ng Bilang mga Mag-aaral sa bawat klase ng paaralan ~

Pagbabago ng bilang ng mga bata sa Lungsod ng Nagoya

Ang bilang ng mga mag-aaral sa paaralang elementarya ng Lungsod ng Nagoya ay nababawasan taun-taon, bunga ng pagbaba sa bilang ng isinisilang na sanggol taun-taon, matapos ang kasukdulan nito noong nakaraang 1980.

Sa isang banda, maliit lamang ang pagbabago sa bilang ng mga paaralan at patuloy ang pagpapatupad ng pagbabawas sa bilang ng mga mag-aaral sa paaralan.



Kinakailangan ng mga hakbang para sa pagbabawas sa (kaunting) bilang ng mga mag-aaral sa paaralan

May kabutihan ding naidudulot ng pagbabawas sa (kaunting) bilang ng mga mag-aaral sa paaralan (mga paaralan na ang bilang ng klase ay 11 pababa), at dahil mismo sa naging saklaw ng paaralan, maraming mga paksa/tema ang nalabas.

Mga kabutihan maidudulot ng kaunting bilang ng mga mag-aaral sa bawat klase ng paaralan

- Matuturuang mabuti ang bawat isa sa mga mag-aaral.
- Madaling mabigyan ng pagkakataon na makapagsagawa ng mga aktibidad ang bawat mag-aaral sa oras na may pagdiriwang sa paaralan

Mga paksa/tema o suliranin ng mga klaseng may kaunting bilang ng mga mag-aaral

- Mahihirapang magkaroon ng lakas ng loob na makipagkumpitensiya, at palawakin/paunlarin ang katangiang magsumikap ng mabuti ang bawat mag-aaral.
- Lalaki o bibigat ang tungkuling maitatalaga sa bawat mag-aaral sa mga uri ng laro at papel na gagampanan sa oras ng Sports Fests/Undokai at School Play/Pagsasadula.
- Mahihirapang maibalik ang dating relasyon ng bawat mag-aaral sa isa't isa kung sakaling naging kumplikado o masalimuot ito sanhi ng pag-aaway o gulo.

Magsasagawa ng paaralan na madaling matuto ang mga mag-aaral

Kinakailangang makakuha ng higit pa sa pangkaraniwang bilang ng klase o pangkat.

- Para sa mga baitang na nag-iisa lamang ang klase/pangkat, hindi makakapagpalit ng klase/pangkat sa loob ng 6 na taon.
- Sa pag-iisa/pagkakasama-sama ng mga paaralang elementarya na nabibilang sa iisang Junior High School ng purok, maisasagawa ang kanais-nais na pamantayang bilang na 12 ~24 na klase/pangkat.

Pagpapangkat upang maipagpatuloy ang mga pamamaraan sa pagbabawas ng bilang ng mga mag-aaral ng bawat klase

【Pangkat 1】

- Sa kasalukuyan ay iisa lamang ang bilang ng klase sa bawat baitang (!~6), at mga paaralang may posibilidad na magpapatuloy o hindi magbabago ang kalagayan o sitwasyon sa loob ng mga panahon ng pagpapatupad.

【Pangkat 2】

- Sa kasalukuyan ay iisa lamang ang bilang ng klase sa bawat baitang (! ~ 6), at mga paaralang may posibilidad na mawawala o mababawasan ang 6 na klase/pangkat sa loob ng panahon ng pagpapatupad.
- Sa kasalukuyan ay mayroong bilang na 7 hanggang 11 klase, at mga paaralang may posibilidad na mababawasan at magiging 6 na lamang ang bilang ng klase sa loob ng panahon ng pagpapatupad.

【Pangkat 3】

- Sa kasalukuyan ay mayroong bilang na 7 hanggang 11 klase, at mga paaralang may posibilidad na magpapatuloy o hindi magbabago ang kalagayan o sitwasyon sa loob ng panahon ng pagpapatupad.

※ Panahon ng pagpapatupad ay mula 2011 hanggang 2016.

Panuntunin ng may kaunting bilang ng mag-aaral ang bawat klase sa paaralan

Kanais-nais na pamantayan (tama o wastong pamantayan) • • • Paaralang Elementarya: 12 ~ 24 na klase/pangkat

Sistema ng mga pamamaraan ng mga paaralang mayroong kaunting bilang ng mga mag-aaral sa klase • • • Pag-iisa/Pagkakasama-sama ng mga paaralan Pagbabago ng purok ng pagpasok sa paaralan

Mga paaralang itinutukoy ng mga pamamaraan ng mga paaralang mayroong kaunting bilang ng mga mag-aaral sa klase • • • Paaralang Elementarya na binubuo ng 11 klase/pangkat pababa.

Layo ng pagpasok sa paaralan • • • bilang alituntunin, pagpasok sa paaralan sa pamamagitan ng paglakad at ang layo sa paaralan ay hanggang 2 km.

**Balangkas ng 「Pagpapatupad sa Plano ng mga Hakbang sa
Pagbabawas sa Bilang ng mga Mag-aaral sa Bawat Kase ng Paaralan」**

<「小規模校対策に関する実施計画」の概要>

1 Listahan ng mga Paaralang Elementarya na itinutukoy:

Grupo/Pangkat	Ku (Distrito)	Pangalan ng Paaralang Elementarya	Ku (Distrito)	Pangalan ng Paaralang Elementarya
Grupo 1 9 na paaralan	Nishi-ku	Habashita	Naka-ku	Misono
		Minami Oshikiri	Showa-ku	Shiragane
		Enishi	Minami-ku	Taisei
		Nagono	Tempaku-ku	Takasaka
	Nakamura-ku	Toyotomi		
Grupo 2 18 paaralan	Chikusa	Uchiyama	Naka-ku	Chihaya
		Chikusa		Oosu
	Kita-ku	Rokugo	Nakagawa-ku	Hiromi
		Rokugo Kita		Shoshiki
	Nishi-ku	Enoki	Minato-ku	Nakagawa
		Ukino		Nishi Tsukiji
	Nakamura-ku	Nakamura	Midori-ku	Urasato
	Naka-ku	Sakae	Meito-ku	Umemorisaka
Heiwa		Tempaku-ku	Aioi	
Grupo 3 17 paaralan	Higashi-ku	Higashi Sakura	Mizuho-ku	Idota
		Meirin	Minato-ku	Nishi Fukuda
	Kita-ku	Oosugi	Minami-ku	Hakusui
		Sugimori		Shibata
	Nishi-ku	Sako		Chidori
	Nakamura-ku	Komeno	Moriyama-ku	Honjigaoka
		Suwa		Nishishiro
	Naka-ku	Matsubara	Meitoku	Makinohara
Showa-ku	Tsurumai			

2 Mga Plano at Pamamaraan ng Pagpaptupad ng Bawat Paaralan

(1) Hinggil sa mga paaralan na kabilang sa Grupo 1, pagdedesisyunan ng mga pagsasamahin na paaralan at iba pa ang mga plano ng bawat paaralan ukol sa mga hakbang para sa isasagawang pagbabawas ng bilang ng mga mag-aaral sa bawat klase, at ang layunin ay ang pagbubukas ng paaralan sa panahon na isinasagawa ang nasabing proyekto (2011 ~ 2016) .

Ku (Distrito)	Pangalan ng Paaralang Elementarya	Pangalan ng Pagsasamahing Paaralan	Junior High School Block
Nishi-ku	Habashita	Pagsasamahin/ Pag-iisahin ang 3 Paaralan	Kikui
	Enishi		
	Nagono		
	Minami Oshikiri	Enoki (G2), Sako (G3)	Tenjinyama
Nakamura-ku	Toyotomi	Suwa (G3)	Hibitsu
Naka-ku	Mizonono	Meijo	Marunouchi
Showa-ku	Shiragane	Murakumo	Enjo
Minami-ku	Taisei	Takara	Nanko
Tempaku-ku	Takasaka	Aioi	Hisakata

(Anotasyon) Ang nasa panaklong () ay ang grupong kinabibilangan ng itinutukoy na paaralan.

(2) Hinggil sa mga paaralan na kabilang sa Grupo 2, magsasagawa ng pagpapaliwanag o oryentasyon para sa mga magulang • distrito/lokalidad at ito ay ipapatupad alinsunod sa Grupo 1 habang inaalang o inuunawa ang pagbabago sa bilang ng mga bata (mag-aaral), kalagayan ng lokalidad at iba pa.

(3) Hinggil sa mga paaralan na kabilang sa Grupo 3, magsasagawa ng pagpapaliwanag o oryentasyon para sa mga magulang • distrito/lokalidad at matapos nito mangongolekta ng mga impormasyon mula sa paaralan ukol sa pagbabago sa bilang ng mga bata (mag-aaral).